

PROLOGUE

“Ay!” narinig ni Yad Apostol na untag sa kanya ng kabandang si Kale Larrazabal na siyang naging dahilan para ilipat niya ang mga mata rito mula sa kanina pang pagtitig sa bagong mag-asawang nagbubulungan sa kasalukuyan.

“Aray naman!” reklamo niya habang hinihimas ang tagiliran niya na bahagyang tinusok nito ng drumstick.

Ngumisi lang ang kaibigan. “Sorry, nakatulala ka kasi, ’kala ko kung napa’no ka na diyan.”

“What do you want?” paasik na sabi niya.

“Tinatawag na tayo.”

Noon niya lang napansin na nakatayo na ito at hinihintay na siyang tumayo na rin para sumunod na siya sa pag-akyat nito sa makeshift stage sa harapan nila. Itinayo iyon ilang metro mula sa beach kung saan nagpalitan ng wedding vows ang dalawang kaibigan niya.

Halos padabog na tinungo niya ang stage at isinuot sa sarili ang strap ng kanyang gitara, a cherry red *ESP* bass guitar, bilang paghahanda sa kanilang pagtugtog. Wala na siyang pakialam kahit malukot pa ang suot niyang amerikana.

Gusto niyang magreklamo. Hindi na niya mabilang kung

ilang wedding receptions na ang tinugtugan nila mula noong buuin nilang magkakaibigan ang kanilang banda ilang taon na ang nakalilipas. Ngayong double platinum na ang debut album nila at masasabing sikat na sila kahit papaano, hindi pa rin natanggal sa mga gigs nila ang pagtugtog sa kasal.

Hindi naman sa anti-kasal siya o hindi siya romantiko. Kabaligtaran niyan, siya ang tunay na romantiko sa kanilang apat. Iyong tatlo ay hindi gaanong naniniwala sa true love *noon*, thus, their name *Crude Romantics*—‘crude’ as in ‘raw’ or ‘unrefined’. Sila iyon, mga romantics-in-progress noon. Muli, stress on the ‘noon’.

Ngayon kasi, one hundred percent romantics na ang tatlo matapos makilala ng mga ito ang kani-kanilang mga ‘other half’. At siya na orihinal na romantiko ay siyang naiwang single. Ang saklap!

Sa kanilang apat, siya rin ang hindi nawawalan noon ng girlfriend. Tuksuhan nga nila, siya ang tunay na dahilan kaya sumikat ang *Crude Romantics*. Pulos magaganda at sikat na celebrities kasi ang mga babaeng na-li-link sa kanya. Laman tuloy siya parati ng society pages at mga balita sa showbiz talk shows... siyempre raw nababanggit din doon ang pangalan ng grupo nila.

But of course, biruan lang iyon. Alam naman nila na ang kanilang musika at mga talento ang talagang dahilan kaya mabilis silang sumikat. Minor reasons na lang iyong katotohanang sila lang ang banda sa Pilipinas na lahat ng miyembro ay pang-GQ cover ang kaguwapuhan, at—sige na nga—iyong mga pangalan

ng babaeng ni-li-link sa kanya.

Mayabang ang ngisi sa kanya ng drummer nilang si Kale dahil engaged na ito sa nobya nitong si Allie Mateo at nagpaplano nang magpakasal early next year.

One year ago naman ay ikinasal ang bokalista nilang si Dave Resurreccion at ang true love nitong si Faith Salvador. Ngayon nga ay nag-e-expect na ang mga ito ng kapatid para sa adopted child nitong si Bodyok.

Si Jare naman, ang gitarista nilang herederero at isang dating print ad model ay hayun—kasalukuyang tinutukso ng mga bisita dahil halos maluha habang dine-dedicate sa bagong-bagong asawa na si Angel Ybañez-Sebastian ang mga awit na tutugtugin nila.

Sumenyas ang groom at nagbilang si Kale kasabay ng pagtatama nito ng mga hawak na drumsticks.

Una nilang inawit ang *Need To Be Next To You* na umano ay theme song ng dalawa. Dahil espesyal na araw ito, si Jare muna ang nag-lead vocals. Gusto kasi ng huli na ito mismo ang umawit para sa bride nito. Okay lang naman iyon dahil lahat sila ay magagaling kumanta.

Sumunod ang awit na sariling composition ni Jare, para talaga sa asawa, ang *Beachside Kundiman* na isang pop rock. Sa resort kasi na iyon din nagkakilala at nagkaibigan ang dalawa.

The Missing Piece - Zoe De Jesus

Iniwan na nito nang tuluyan ang pagkanta sa kanila at isinayaw ang asawa nang tugtugin nila ang *The Nearness of You*—punk rock version.

Halos ganoon din ang drama ni Dave sa church wedding nito last year. Ang naiba lang, kumakanta na ito ng *Now and Forever*, naglalakad pa lang sa aisle ang bride nito palapit sa altar. Sa kasal ni Kale next year, malamang may drama ring ganoon. At naiinis na si Yad.

Naiinggit, actually.

Sumasabay sa pagkanta nila ang mga tao at mukhang kinikilig pa nga ang mga ito. Siguro epekto iyon ng mga suot nilang coat and tie, lalo yatang naging sleek and suave ang pulos guwapong miyembro ng banda sa paningin ng mga ito.

Matapos ang five-song set na hinanda nila at isa pang kanta para pagbigyan ang audience na naghiyawan ng ‘More!’ ay ibinalik na nila sa wedding hosts ang stage.

“Inggit ka?” pang-aalaska ni Kale nang marinig siyang bumuntong-hininga.

“Tumahimik ka diyan, kung ayaw mong ihatid si Allie mamaya nang may black eye,” banta niya kunwari.

Tumawa lang ito. Ganoon talaga ang kaibigan, parang siya na palaging mapang-asar. “Umamin ka na kasi.”

“Oo na, naiinggit na ako,” asik niya. “Masaya ka na?”

Ngumiti ito. “May nakatitig sa ’yo at three o’clock. Pansinin mo na muna.”

Hindi na siya bago sa ganoon. Alam naman niyang guwapo siya. Namana niya sa ina ang karamihan sa facial features niya, gaya ng kanyang deep-set eyes at matangos at makipot na ilong. Hindi na alintana ng mga ito kahit madalas na may stubbles siya sa palibot ng bibig. Bukod doon, women also seemed to like the confident way that he handled himself.

Pasimpleng sinundan niya ng tingin ang binanggit nitong direksyon.

Inaasahan niyang isang magandang babae ang masasalubong niya ng tingin, pero sa halip, isang lalaki ang nakita niya. At totoo nga, nakatitig ito sa kanya.

Bading ba ito? kunot-noong naitanong niya sa isip.

Pero hindi. May kakaiba sa tingin ng estranghero. Hindi admiration ang nababakas niya sa expression nito. Sa tingin pa nga niya, parang galit ito sa kanya.

Lalong kumunot ang noo niya nang makitang tumayo ito at malalaki ang hakbang na lumakad palapit sa kanya. Bago pa siya makapagtanong kung ano ang kailangan nito, lumagapak na sa mukha niya ang isang kamao nito at bumagsak na siya sa sahi.

Napatayo si Kale at kaagad pinigilan ang lalaki nang akmang sasapakin siya nitong muli.

Gusto niya sanang gumanti ng suntok, pero napansin niyang nakakuha na sila ng atensyon mula sa mga bisita. At nakakahiya sa kaibigan kung sisirain niya ang kasal nito.

“Ano’ng problema mo, ha?” asik niya sa estranghero habang tumatayo. Pinahid niya ng daliri ang sulok ng labi niya na pumutok dahil sa suntok nito.

“Ikaw ang may problema!” singhal nito. Hinihinal ito dahil sa sobrang galit at gusto niyang pagkatakhan kung bakit. Hinagis nito ang isang brown envelope sa ibabaw ng mesa nila. “Yan, tingnan mo kung ano’ng ginawa mong hayup ka!”

Nagpumiglas ito mula sa pagkakahawak ni Kale at saka mabilis na nilisan ang lugar na iyon.

Naglapitan naman ang mga kaibigan sa kanila.

“Ano ba’ng nangyari?” untag ni Allie. Inabot nito ang mukha niya at ininspeksyon ang pasa roon.

Pumalatak si Kale. “Wala naman kaming ginagawa. Nakita ko lang na nakatingin ’yung lalaki kay Yad kaya itinuro ko sa kanya.” Binalingan siya nito. “Sinimangutan mo ba, Yad?”

“Wala akong ginawa sa kanya,” malamig na tugon niya. Nagtataka pa rin siya sa nangyari.

“Ayos ka lang ba, Pare?” untag ni Jare nang makalapit.

Tumango siya. “I’m really, really sorry. Gumawa pa ako ng

eksena dito.”

“It’s not your fault,” saway ng groom. “Iyong gatecrasher na iyon ang dapat sisihin.”

Nakahinga siya nang maluwag kahit paano. Inabot niya ang envelope na iniwan ng lalaki sa mesa niya. Nangunot ang noo niya nang makitang pictures ang laman niyon. Mga larawan ng isang sanggol at isang buntis na babaeng may mukhang pamilyar na pamilyar sa kanya.

“Oh,” naiusal niya.

It was the face of the woman he loved—the only woman he ever loved with all the many women he had relationship with.